*Faith like no other*

# Si Jonatan at ang Tagapagdala Niya ng Armas

WEEK 2

## WARM-UP

- Kapag dumating ang isang hamon, kadalasan ba ay diretso mo itong hinaharap o nagiging maingat ka? Bakit?
- Kapag ikaw at ang karamihan sa mga kaibigan mo ay hindi pareho ang mga pagpapahalaga o paniniwala, paano ka tumutugon?
- Ano ang ginagawa mo kapag mayroon kang mga takot o pagdududa? Sinusubukan mo bang lutasin ang mga ito nang mag-isa o humihingi ka ng tulong? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapaliwanag nito.

## WORD

6 *Sinabi ni Jonatan sa tagapagdala niya ng armas, "Puntahan natin ang kampo ng mga taong iyon na hindi kumikilala sa Diyos. Baka sakaling tulungan tayo ng PANGINOON, dahil walang makakapigil kung loloobin niyang magtagumpay tayo, kahit marami o kakaunti tayo."*
7 *Sinabi ng tagapagdala niya ng armas, "Gawin n'yo po ang anumang iniisip ninyo. Kasama n'yo ako kahit ano ang mangyari."* **1 SAMUEL 14:6–7**

(Basahin din ang **1 SAMUEL 14:1–23.**)

Ang Israel ay nagkaroon ng kasaysayan ng pakikipaglaban sa ibang mga lahi, at isa na rito ang mga Filisteo. Sa kwentong ito, isang malaking hukbo ng mga Filisteo ang nakikipaglaban sa kanila sa kanilang teritoryo. Ang mga ito ay tinalo ng anak ni Haring Saul na si Jonatan at ng kanyang mga tauhan sa Geba, at bilang resulta, gumanti ang mga Filisteo gamit ang 30,000 karwahe at 6,000 mangangabayo at hukbo, na mas marami kaysa sa mga mamamayan ng Diyos (1 Samuel 13:2–7). Dahil dito, nagtakbuhan ang lahat sa takot, maliban kay Jonatan at ang tagapagdala niya ng armas. Ngayong araw, tingnan natin ang kanilang pananampalataya sa kapangyarihan ng Diyos, lakas ng loob na lumaban pa rin upang pamunuan ang Israel sa tagumpay, at ang mga aral na matututunan natin mula sa kanila.

## 1 Manampalataya sa gitna ng takot at pagdududa.

*[6]Sinabi ni Jonatan sa tagapagdala niya ng armas, "Puntahan natin ang kampo ng mga taong iyon na hindi kumikilala sa Diyos. Baka sakaling tulungan tayo ng PANGINOON, dahil walang makakapigil kung loloobin niyang magtagumpay tayo, kahit marami o kakaunti tayo." [7]Sinabi ng tagapagdala niya ng armas, "Gawin n'yo po ang anumang iniisip ninyo. Kasama n'yo ako kahit ano ang mangyari."* **1 SAMUEL 14:6–7**

(Basahin din ang **1 SAMUEL 14:2, 11.**)

Habang si Saul at ang kanyang mga tauhan ay takot na takot at lumayo sa mga Filisteo, si Jonatan at ang tagapagdala niya ng armas ay nanampalataya sa Diyos at sa Kanyang kapangyarihan. Sa halip na manliit dahil sa takot at pagdududa, matapang silang lumapit sa kampo ng kaaway. Kapag nagkakaroon tayo ng pagdududa sa ating pananampalataya dahil sa mga katotohanan, inaanyayahan tayo ng Diyos na magtiwala sa Kanya upang maranasan natin ang Kanyang kapangyarihan at kalayaan. Balikan ang isang pagkakataon na hindi mo magawa ang kailangan mong gawin dahil sa takot at pagdududa. Paano ibinalik ng Diyos ang iyong pagtitiwala at pananampalataya sa Kanya?

## 2 Manampalataya sa gitna ng napakatinding oposisyon.

*[12]At sinigawan nila sina Jonatan at ang tagapagdala niya ng armas, "Lumapit kayo rito, nang maturuan namin kayo ng leksyon." Sinabi ni Jonatan sa tagapagdala niya ng armas, "Halika, sumunod ka sa akin dahil tutulungan tayo ng PANGINOON na talunin sila ng Israel." [13]Kaya gumapang si Jonatan paakyat, kasunod ang tagapagdala niya ng armas. Pinatay ni Jonatan ang mga Filisteo at ganoon din ang ginawa ng tagapagdala niya ng armas.* **1 SAMUEL 14:12–13**

Pagkatapos makita ang dalawang Israelita, pinapunta sila ng mga Filisteo sa kampo. Nagtitiwala sila sa kanilang bilang at sa

mataas na lugar na kinalalagyan nila. Ngunit alam ni Jonatan at ng tagapagdala niya ng armas na nasa panig nila ang Diyos. Pagdating na pagdating nila ay agad na nilang tinalo ang dalawampung kalalakihan na nagdulot ng pagkataranta at kalituhan sa kampo ng kaaway. Bagama't wala silang kalaban-laban sa dami ng bilang ng kaaway, alam ni Jonatan at ng tagapagdala niya ng armas na walang imposible sa Diyos. Bagama't mukhang hindi tayo mananalo, ang mabuti, ganap, at kalugod-lugod na plano ng Diyos para sa buhay natin ay laging mananaig. Paano ipinakita ng Diyos na Siya ay nakikipaglaban kasama mo at para sa iyo?

*Nang araw na iyon, iniligtas ng PANGINOON ang mga Israelita at umabot pa ang digmaan hanggang sa Bet Aven.* **1 SAMUEL 14:23**

Normal lamang ang pagharap sa takot at pagdududa. Kapag ibinato sa atin ang mga katotohanan, parang mas madali ang sumuko. Ngunit sa kabila ng pagdududa, maaari tayong gumawa ng mga hakbang ng pananampalataya, gaano man ito kaliit. Nawa'y hayaan natin ang Diyos na alisin ang takot at pag-aalinlangan sa ating puso't isipan habang nakikita natin ang kapangyarihan Niyang magligtas, upang makapagpatuloy tayo sa pananampalataya—hanggang sa makita natin ang tagumpay.

## APPLICATION

- Kadalasan, ang pagdududa ay isang labanan sa isipan, habang ang takot ay sa puso. Ano ang ilang praktikal na paraan na maaari mong gawin para mapagtagumpayan ang mga ito araw-araw?
- Mayroon bang mga bahagi sa buhay mo na parang napakalaki? Paano ka makakatugon nang may pananampalataya ngayon?
- May kakilala ka bang nahihirapan sa isang bagay na kailangan niyang labanan? Paano ka makakapagbigay ng lakas ng loob sa taong ito ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil sa pamamagitan Niya, lahat ng bagay ay posible. Pasalamatan Siya dahil maaari tayong manampalataya sa Kanya, ang pinagmumulan ng ating tiwala at katiyakan.
- Hilingin sa Diyos na patahimikin ang iyong mga takot at pagdududa upang mas marinig mo ang Kanyang tinig at magtiwala ka sa Kanyang mga pamamaraan. Ipanalangin na hindi ka aasa sa iyong sariling kakayahan kundi sa Diyos at sa Kanyang salita.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos bilang isang patotoo sa ibang tao ng pagkakaroon ng pananampalataya, hindi takot. Ipanalangin na ang buhay mo ay makaakay ng mga tao patungo sa Diyos.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS® Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Josh Hernandez

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.